




RICE KOMIKS

Mag-Hybrid Rice Na!

Istorya at Guhit ni Andrei B. Lanuza
Sinuri ni Frederick M. Saludez



Kanor! Ang ganda ng tubo ng palayan mo! Mukhang madaming aanihin mo ngayon. *Hybrid rice* ba iyan?



Oo Berto. *Hybrid rice* ang ginamit ko ngayong tag-araw. Bakit 'di mo rin subukan mag *hybrid rice* sa susunod na taniman?



Ang mahal kasi ng binhi ng *hybrid rice*. Hindi ba't mas mahirap ito patubuin at alagaan hindi tulad ng mga inbred na gamit natin?



Inbred na palay

= 6,000 kg/ha X Php 15/kg (sariwa)
= Php 90,000 - Php 35,000 (gastos)
= **Php 55,000** kita (neto)



Hybrid na palay

= 8,000 kg/ha X Php 15/kg (sariwa)
= Php 120,000 - Php 45,000 (gastos)
= **Php 75,000** kita (neto)

Tingnan natin itong halimbawa na ito. Makikita na mas mataas nga ang gastos sa *hybrid rice*, ngunit babawi naman ito dahil sa mas mataas nitong ani.

Dahil ang mga hybrid ay mas mabisa gumamit ng tubig, pataba, at sikat ng araw kaya mas mataas umani kung tag-araw. Tandaan natin na halimbawa lang ito, maaari na mas mataas pa ang maging ani ng *hybrid rice* depende sa panahon, input na ilalagay, at lokasyon.

Ang *hybrid rice* ay maaaring umani ng hanggang 10 tonelada kada ektarya kumpara sa inbred. Kailangan lang gumamit ng bagong binhi kung magtatanim uli ng *hybrid rice* dahil nawawala ang tinatawag na "*hybrid vigor*".

